## Si Daniel at Ang Mga Leon

(Daniel 6)



Si Daniel ay isang batang maharlika mula sa Judah na dinala sa Babilonya bilang bihag noong panahon ni Haring Nebuchadnezzar. Kasama ng iba pang matatalino at may potensyal na kabataan, pinili si Daniel upang maglingkod sa palasyo ng hari. Kahit malayo sa kanyang bayan, nanatiling tapat si Daniel sa kanyang Diyos. Dahil dito, naging kilala siya sa kanyang katalinuhan at mabuting ugali, kaya't napansin siya ng mga hari na sumunod kay Nebuchadnezzar.

Lumipas ang mahabang panahon at nagkaroon ng bagong hari. Napansin ni Haring Darius ang husay at katapatan ni Daniel kaya't plano niyang gawing tagapangasiwa si Daniel sa buong kaharian. Bunga nito nainggit ang ibang opisyal ng hari kaya't naghahanap sila ng paraan upang maparusahan si Daniel. Alam nilang tapat si Daniel sa kanyang Diyos, kaya't nag-isip sila ng plano laban dito.

Nilapitan nila si Haring Darius at sinabi, "Haring Darius, magpalabas ka ng utos na sa loob ng tatlumpung araw, sinumang manalangin sa sinumang diyos o tao maliban sa iyo ay ihahagis sa kulungan ng mga leon." Pumayag ang hari at pinirmahan ang utos.

Nang malaman ni Daniel ang tungkol sa utos, umuwi siya sa kanyang bahay at, gaya ng kanyang nakagawian, tatlong beses sa isang araw siyang nanalangin sa kanyang Diyos. Lingid sa kanyang kaalaman, binabantayan pala siya ng kanyang mga kaaway. Nang makita siyang nananalangin ng mga naiinggit na opisyal, agad na isinumbong ito sa hari. "Haring Darius, si Daniel ay lumabag sa iyong utos. Patuloy siyang nananalangin sa kanyang Diyos."

Nang malaman ito ni Haring Darius, nabalisa siya at maghapong inisip kung paano maililigtas si Daniel. Bagamat nalungkot ang hari, alam niyang kailangang sundin ang batas. Kaya't iniutos niya na ihagis si Daniel sa kulungan ng mga leon. Sinabi ng hari kay Daniel, "Nawa'y iligtas ka ng iyong Diyos na iyong pinaglilingkuran." Isang malaking bato ang inilagay sa bunganga ng kulungan at tinatakan ito ng hari at ng kanyang mga opisyal.

Buong gabi, hindi makatulog si Haring Darius. Kinaumagahan, nagmamadali siyang pumunta sa kulungan ng mga leon at tinawag si Daniel, "Daniel, lingkod ng buhay na Diyos, nailigtas ka ba ng iyong Diyos mula sa mga leon?"

Sumagot si Daniel, "Mabuhay ang hari magpakailanman! Ang aking Diyos ay nagsugo ng kanyang anghel, at pinigilan nito ang mga leon. Wala silang ginawa sa akin dahil ako'y walang sala sa harap ng Diyos, at wala rin akong ginawang mali laban sa iyo, O hari."

Tuwa-tuwa si Haring Darius at iniutos na iahon si Daniel mula sa kulungan. Walang kahit anong sugat si Daniel, dahil nagtiwala siya sa kanyang Diyos. Pagkatapos, iniutos ng hari na ang mga nagsakdal kay Daniel ang ihagis sa kulungan ng mga leon kasama ang kanilang pamilya. Bago pa man sila bumagsak sa lupa, nilapa na sila ng mga leon.

Pagkatapos ng lahat ng ito, nagsulat si Haring Darius sa lahat ng tao sa kanyang kaharian, "Kailangang igalang at katakutan ng lahat ang Diyos ni Daniel sapagkat siya ang buhay na Diyos na magpakailanman. Iniligtas niya si Daniel mula sa mga leon."

Sa buong panahon ng paghahari ni Haring Darius at ni Haring Cyrus ay patuloy na nagtagumpay si Daniel.

PHILIPPINE BIBLICAL WORLDVIEW FOUNDATION INC.
2015

Ang Diyos ang ating dakilang tagapagtanggol. Hindi lamang niya pinrotektahan si Daniel mula sa mga leon, pinrotektahan din niya siya mula sa mga taong nagbabalak laban sa kanya. Ipinakita rin ng Diyos na siya ay makatarungan dahil sa huli ang mga nagsasabwatan laban sa kanya ay nakatanggap ng parusa bunga ng kanilang mga aksyon.

